# 3 OPSYON SA PAGBOTO

## PERSONAL NA PAGBOTO SA ARAW NG HALALAN

**Bumoto nang personal sa inyong lugar ng botohan**

**Hunyo 2, 2026 mula 6:00 ng umaga – 8:00 ng gabi**

*Hanapin ang iyong lokasyon ng botohan sa lwvnj.org/vote*

## MAAGANG PAGBOTO NANG PERSONAL

**Bumoto gamit ang makinang pangboto nang maaga sa mga lugar ng botohan.**

**Mayo 26 – Mayo 31, 2026**
**10:00 AM – 8:00 PM tuwing mga karaniwang araw at Sabado**
**10:00 AM – 6:00 PM Linggo**

*Hanapin ang iyong lokasyon ng botohan sa lwvnj.org/vote*

## BUMOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

**Ang sinumang kwalipikadong rehistradong botante ay maaaring Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo sa NJ pagkatapos mag-apply.**

Para maipadala ang iyong Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa iyo, mag-apply online o magpadala ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo na dapat matanggap ng inyong County Clerk bago lumipas ang **Mayo 26, 2026**.

Maaari ring mag-apply nang personal ang mga botante sa kanilang County Clerk **hanggang 3 pm sa Hunyo 1, 2026**.

*Tingnan ang likod na bahagi para sa pagbabalik ng iyong Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.*

## BISITAHIN ANG LWVNJ.ORG/VOTE

***PARA SA MGA FORM NG BOTANTE, MGA LOKASYON NG BOTOHAN AT IBA PA***

LEAGUE OF WOMEN VOTERS® OF NEW JERSEY

# PRIMARYANG HALALAN

## BUMOTO SA BALOTA NG PAGBOTO

**Ibalik ang iyong balota sa isa sa tatlong paraan**

- **Ligtas na Drop Box:** Gumamit ng ligtas na drop box sa inyong county bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.
- **Tanggapan ng Lupon ng Halalan:** Dalhin ang iyong balota nang personal sa inyong Lupon ng Halalan ng bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.
- **Sa pamamagitan ng Koreo:** Dapat na may postmark ang balota bago ang Araw ng Halalan. Dahil sa isang kamakailang pagbabago, itinuturing ng USPS na may postmark ang koreo kapag ito ay *naproseso na*, hindi kapag ito ay natanggap. Kung pipiliin mong ipadala ang iyong balota sa koreo, gawin ito nang hindi bababa sa ilang araw bago ang Araw ng Halalan.

## KINABIBILANGANG PARTIDO

**Sa isang primarya sa NJ, tanging mga rehistradong miyembro ng partido lamang ang maaaring magnomina ng mga kandidato ng partidong iyon.**

- Para baguhin ang kasalukuyang kinabibilangan partido, dapat matanggap ang iyong form ng deklarasyon ng kinabibilangang partido **bago lumipas ang Abril 8, 2026**.
- Maaaring magdeklara ng partido ang mga botanteng walang kinabibilangang partido gamit ang form na iyon o nang personal sa mga presinto sa Araw ng Halalan.

## HULING ARAW NG PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

**Mayo 12, 2026 (sa pamamagitan ng koreo o online)**

## ARAW NG HALALAN

**Martes, Hunyo 2, 2026**
**Bukas ang mga presinto mula 6:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi**

## BISITAHIN ANG VOTE411.ORG

*PARA SA IMPORMASYON NG KANDIDATO AT PREVIEW NG BALOTA*

VOTE 411